County of Los Angeles Public Health

# Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Museo, Galerya, Botanikong Hardin, Zoo at Aquarium: Appendix M

## Epektibo mula: Biyernes, Mayo 21, 2021

Retirado - Wala ng Epekto

**Kamakailang mga Pagbabago**: (Mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)
**5/21/21:** Ibinalik ang dati nang tinanggal na wika na nagpapahintulot sa mga katauhan o etnidad na sumasailalim sa protokol na ito na magsagawa ng limitadong paggawa ng pelikula sa lugar (on-site) para sa mga layunin ng pagbabahagi ng nilalamang pangkultura na hindi naibabahagi sa publiko. Baguhin ang gabay sa pagsusuri para isama ang pagsusuri sa pagsisimula ng pagkawala ng panlasa o pang-amoy.
**5/5/21:** Ang mga museo, galerya, zoo, at aquarium ay maaaring muling magbukas para sa mga panloob na operasyon sa 75% pinakamaraming panloob na pag-okupa. Ang mga panloob na palaruan ay maaaring muling magbukas na may mga pagbabago.

Ang mga rate ng kaso ng COVID-19, mga pagpapaospital, at pagkamatay ay bumaba na sa ilan at tila matatag na, pero patuloy pa rin ang COVID-19 sa pagbibigay ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat.

Dahil sa pagpasok ng Los Angeles County sa “Dilaw na Tier” (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng mas ligtas na Ekonomiya, ang protokol na ito ay nabago para luwagan ang ilang mga paghihigpit na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo, at aquarium ay dapat na magpatuloy sa pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang mga kinakailangan sa ibaba ay partikular sa mga Museo, Galerya, Botanikong Hardin, Zoo at Aquarium. Ang mga establisyementong ito ay maaaring muling magbukas ng kanilang mga panloob na espasyo sa publiko sa 75% na ang pinakamarami na panloob na pag-okupa. Ang lahat ng mga panlabas na lugar ng mga establisyementong ito ay maaaring magpatuloy na gumana hangga’t sila ay nakakatugon sa mga inaatas na ipinagkaloob sa protokol na ito. Bilang karagdagan pa sa mga kondisyong ipinataw sa mga tukoy na lugar ng Gobernador, ang mga uri ng negosyong ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Museo, Galerya, Botanikong Hardin, Zoo at Aquarium.

Ang protokol na ito ay hindi inilaan para sa mga libangan, tema(theme), o mga parke ng tubig(water parks).

Ang mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo, at aquarium ay dapat na sumunod sa sumusunod na mga protokol, na naaangkop:

- ❑ Ang mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo at aquarium na may mga lugar ng tingian ay dapat na sumunod sa mga protokol sa tingiang establisyemento (retail establishment) ng

Pampublikong Kalusugan ng County.

- ❑ Ang mga restawran, kapihan, at konsesyon na nasa loob ng mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo at aquarium ay dapat na sumunod sa mga protokol sa restawran ng Pampublikong Kalusugan ng County. Ang mga pagkain at inumin ay maaari lamang kainin at inumin sa mga itinalagang lugar ng kainan.
- ❑ Ang mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo, at aquarium na nagpapatakbo ng mga sinehan ay dapat na sumunod sa mga protokol sa sinehan ng Pampublikong Kalusugan ng County.
- ❑ Ang mga espasyo ng opisina na nasa mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo at aquarium ay dapat na sumunod sa mga protokol sa opisina na lugar ng trabaho (office-based worksite) ng Pampublikong Kalusugan ng County.
- ❑ Ang mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo at aquarium na nagpaplano ng mga live na pagtatanghal panlabas ay dapat na sumunod sa Protokol para sa mga Panlabas na Nakaupong Live na Kaganapan at Pagtatanghal.
- ❑ Ang anumang mga Panloob na Nakaupong Live na Kaganapan at Pagtatanghal na hinost ng mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo at aquarium ay dapat na sumunod sa Protokol para sa mga Panloob na Nakaupong Kaganapan at Pagtatanghal ng Pampublikong Kalusugan ng County.
- ❑ Ang mga museo na may narerentahang mga silid sa pagpupulong (meeting rooms), espasyo sa kaganapan, o iba pang mga lugar para sa mga pribadong kaganapan ay dapat na sumunod sa Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan ng Pampublikong Kalusugan ng County.

Sa mga protokol na susunod, ang terminong "sambahayan" (household) ay tinukoy bilang "mga taong naninirahan nang sama-sama bilang isang solong yunit ng paninirahan" at hindi dapat kabilang ang mga sitwasyon sa pang-grupong paninirahan na pang-institusyon tulad ng mga dormitoryo, kapatiran (fraternities), kapatirang pangkababaihan (sororities), monasteryo, kumbento, o mga pasilidad sa pangangalagang pantirahan, hindi rin kabilang rito ang mga pagsasaayos sa paninirahan na pangkomersyal tulad ng mga boarding house, hotel, o motel.[1] Ang mga terminong "kawani" (staff) at "empleyado" ay inilaan para kasama ang mga empleyado, boluntaryo, intern at mga nagsasanay (trainees), mga iskolar at lahat ng iba pang mga indibidwal na nagtatrabaho sa lugar. Ang mga terminong "mga bisita" o "mga kostumer" ay dapat na maunawaan sa upang isama ang mga miyembro ng publiko at iba pa na hindi mga kawani o empleyado na gumugugol ng oras sa negosyo o lugar. Ang mga terminong "establisyemento", "lugar", at "pasilidad" ay parehong tumutukoy sa gusali, kalupaan, at anumang katabing mga gusali o kalupaan kung saan ang mga pinahihintulutang aktibidad o gawain ay idinaraos.

**Mangyaring tandaan**: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin kapag may bago at karagdagang impormasyon at may mga mapagkukunan kung kaya't regular na tingnan ang website ng LA County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito at kaugnay na patnubay.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng

Retirado - Wala ng Epekto

[1] Los Angeles County Code, Titulo 22. §22.14.060 - F. Depinisyon ng Pamilya. (Ord. 2019-0004 § 1, 2019.) https://library.municode.com/ca/los_angeles_county/codes/code_of_ordinances?nodeId=TIT22PLZO_DIV2DE_CH22.14DE_22.14.060F

empleyado

(2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya

(3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon

(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko

(5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

**Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng protokol na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.**

**Pangalan ng Negosyo:** ______________________________

**Address ng Pasilidad:** ______________________________

**Pinakamaraming Okupante, bawat Kodigo ng Apoy (Fire Code):** ______________________________

**Tinatayang kabuuan sa talampakang kuwadrado ng espayo na bukas sa publiko:** ______________________________

## A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (SURIIN ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Hangga't maaari ang mga mahihinang kawani (mga higit sa 65 ang edad, mga may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay tatalagahan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay.
- ❑ Hangga't maaari ang mga proseso sa trabaho ay maisaayos upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Isaalang-alang ang pag-aalok sa mga manggagawa, taong-gabay, intern, at boluntaryong kawani na humihiling ng binagong mga pagpipilian sa tungkulin na pinabababa ang kanilang kontak sa mga kostumer at iba pang mga empleyado (halimbawa, ang pangangasiwa ng imbentaryo sa halip na magtrabaho bilang isang kahera o pangangasiwa ng mga administratibong pangangailangan sa pamamagitan ng telework).
- ❑ Salit-salitan, halinhinan, o paglilipat na mga iskedyul ay pinasimulan para magamit ng husto ang pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, mga taong-gabay, intern at

Retirado - Wala ng Epekto

boluntaryo; sama-samang tinatawag na “mga empleyado”) ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod at pagkulong ng nag-iisa(quarantine), kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.

- Impormasyon sa mga benepisyo ng pahinga na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing mas madali para sa pinansyal ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga pahinga sa ilalim ng 2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law.

❑ Sa oras na nasabihan na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na nakaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pag-kulong sa sarili (self-quarantine) ng lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na nagkulong mag-isa sa sarili(quarantine) na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 ng sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho na maaaring mangailangan ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng Pampublikong Kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.

❑ Ang mga pagsusuri sa pasukan (entry screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado alinsunod sa gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa Pagsusuri sa Pasukan. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, nahihirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pagkukulong sa sarili(quarantine). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin sa pagdating ng empleyado o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema sa on-line check o sa pamamagitan ng karatulang nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga empleyado na may mga ganitong sintomas ay hindi dapat pumasok sa nasasakupang lugar. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.

- Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang nakasalimuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
- Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
  - Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan[2] laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang nakasalimuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagkulong sa sarili(quarantine),

Retirado - Wala ng Epekto

[2] Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magkulong(quarantine) sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagkukulong(quarantine) na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.

- Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

- ❑ Sa pagkakataon na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa loob ng 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang pagkumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o online sa http://www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay magsisimula ng isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- ❑ Ang mga empleyado na may nakasalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na maskara sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa marami pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng (LAC DPH) Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks. Ang maskara ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa dulong ilalim, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may isang paraan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa itaas ng ilong at bibig sa lahat ng oras maliban kung sila ay mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto o kapag sila ay kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha.
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, pinagbabawalan ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kung maaari kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o estasyon ng trabaho ay mas pinipili kaysa sa pagkain sa isang silid ng panandaliang pamamahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o

Retirado - Wala ng Epekto

estasyon ng trabaho ay nagbibigay ng mas malaking distansya at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.

- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - ○ Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pagpapahinga; at
  - ○ Halinhinan sa panandaliang pagpapahinga (breaks) o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pagpapahinga; at
  - ○ Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtangga o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa upuan sa paraan na mababawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang paraan para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
  - ○ Saanman maaari, ang mga panlabas na lugar sa panandaliang pamamahinga ay nilikha na at nilagyan ng mga lilim na takip at mga upuan na pinapagana ang mga empleyado na magpanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa ibang mga tao sa lahat ng oras.
- ❑ Ang mga empleyado ay inaalok rin ng mga guwantes para sa mga gawain na kakailangan nilang hawakan ng madalas ang mga pang-ibabaw (surfaces) o para sa paggamit sa pagsusuri ng sintomas.
- ❑ Isaalang-alang ang paggamit ng plexiglass na maghihiwalay sa mga lugar kung saan ang mga empleyado ay dapat na makihalubilo sa mga kostumer gaya ng mga booth sa pagbabayad o mga sentro ng impormasyon.
- ❑ Ang mga estasyon sa trabaho ng empleyado na nasa mga lugar tulad ng mga booth ng tiket at impormasyon ay nakahiwalay ng hindi bababa sa 6 na talampakan at ang mga lugar na karaniwang may tao ay kinumpigura para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa 6 na talampakan.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang distansya mula sa mga bisita at sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng museo o galerya. Maaaring saglit na lumapit ang mga empleyado kapag kailangan para tumanggap ng bayad, o kung kinakailangan.
- ❑ Ang mga silid sa panandaliang pamamahinga (break rooms), mga banyo (restrooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalas na inilarawan sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga oras ng operasyon, sa sumusunod na iskedyul:
  - ○ Mga silid sa panandaliang pamamahinga ____________________
  - ○ Mga Banyo ____________________
  - ○ Iba pa ____________________

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na suplay ay makukuha ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ________________________________________________

- ❑ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay makukuha ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ________________________________________________

- ❑ Ang mga empleyado ay pinapayagan sa madalas na pagtigil sa trabaho para hugasan ang kanilang mga kamay.
- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- ❑ Ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na espasyo ng trabaho. Ang mga empleyado ay inatasan na iwasan ang maghiraman ng mga telepono, tablet, two-way na radyo, iba pang mga gamit sa trabaho o kagamitan sa opisina hanggang maaari. Sila rin ay inatasan na huwag kailanman maghiraman ng Pansariling Pamprotektang Kagamitan.
- ❑ Kung saan ang mga bagay ay dapat na ipahiram, ang mga ito ay dinidisimpekta gamit ang isang panlinis na naaangkop para sa ibabaw nang hindi bababa sa isang beses kada araw, kabilang ang mga sumusunod: pinagsasaluhang mga kagamitan sa opisina tulad ng copiers, fax machines, printers, mga telepono, keyboards, terminals, PIN pads ng ATM, staplers, staple removers, pambukas ng sulat, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan o reception areas, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, audio at video na kagamitan (mga mikropono, lalagyan ng mikropono, mixer boards, monitor ng TV), walkie talkies, atbp.
- ❑ Binigyan ng oras ang mga manggagawa para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa oras ng kanilang trabaho. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay itinatalaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng tungkulin sa trabaho ng mga empleyado. Baguhin ang mga oras, kung kinakailangan, para masiguro ang regular, masinsinang paglilinis ng mga espasyo ng trabaho, kung naaangkop. Ang mga pagpipilian para sa mga ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis ay kinuha para tumulong sa tumaas na pangangailangan sa paglilinis, kung kinakailangan.
- ❑ Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahang ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng mga nagdedeliber (delivery staff) at iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

  ________________________________________________

Retirado - Wala ng Epekto

## B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ❑ Mga panloob na operasyon. Ang bilang ng mga kostumer sa mga panloob na bahagi ng mga museo, galerya, botanikong hardin, zoo, aquarium, at iba pang katulad na mga espasyo ng eksibisyon ay sapat ang baba para tiyakin ang pisikal na pagdistansya ngunit sa anumang kaso hindi hihigit sa 75% ng pinakamarami (maximum) na panloob na pag-okupa ng bawat espasyo ng eksibit at ng gusali.
  - Pinakamaraming bilang ng mga bisita sa pasilidad ay limitado sa: ________________
- ❑ Mga panlabas na operasyon. Ang pag-okupa sa mga panlabas na espasyo ay limitado sa isang

antas na pinagagana ang lahat ng mga empleyado at mga tagapagtangkilik para magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa ibang mga tao sa lahat ng oras.

- ❑ Mga panlabas na istraktura at espasyo. Ang mga panlabas na operasyon ay maaaring isagawa sa ilalim ng isang kulandong (canopy), o iba pang silungan sa araw, hangga't ang mga gilid ng kulandong o silungan sa araw ay hindi sarado at mayroong sapat na paggalaw ng panlabas na hangin sa loob ng espasyo. Ang anumang panlabas na espasyo o pansamantalang istraktura na ginagamit para sa mga panlabas na operasyon ay dapat na sumunod sa kriterya ng Estado para sa isang panlabas na kapaligiran, tulad ng tinukoy sa iniuutos na gabay ng Kagawaran ng Kalusugan ng California sa Paggamit ng [Mga Pansamantalang Istraktura para sa mga Panlabas na Operasyon ng Negosyo].
- ❑ Ang mga panlabas na istraktura na hindi nakakatugon sa kriterya ng Estado para sa isang panlabas na kapaligiran ay kasama bilang mga panloob na kapaligiran, at sinumang mga kostumer sa loob nila ay bibilangin at isasama bilang bahagi ng 75% kabuuang limitasyon sa panloob na pag-okupa.
- ❑ Isang taong kawani (o mga taong kawani kung may higit na isang pasukan) na may suot-suot na maskara sa mukha ay nakapuwesto malapit sa pasukan sa espasyo ng eksibit ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga pinakamalapit na bisita para subaybayan ang panloob na pag-okupa at direktahan ang mga bisita na pumila ng anim na talampakang layo kung naabot na ng espasyo ang  kanilang limitasyon sa pag-okupa.
- ❑ Ang establisyemento ay dapat na mahigpit at patuloy na bilangin ang pagpasok at paglabas ng mga kostumer sa lahat ng mga pasukan upang masubaybayan ang pag-okupa nang matiyak ang pagsunod sa mga limitasyon ng kapasidad. Ang mga establisyemento na hindi sapat o hindi nagbibilang o tila lagpas sa kapasidad ay maaaring, sa diskresyon ng inspektor ng pampublikong kalusugan, ay gawing pansamantalang sarado hanggang ang mga isyung ito ay maitama ayon sa determinasyon ng inspektor ng pampublikong kalusugan sa mismong lugar.
- ❑ Hanggang maaari, magkaroon ng isahang, malinaw na itinalagang pasukan at hiwalay na mga labasan para makatulong sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang pasukan sa establisyemento ay nilimitahan para masiguro ang pisikal na pagdistansya ng di bababa sa 6 na talampakan ng mga bisita at sa paglalagay  ng mga pwedeng pagpipilian tulad ng inorasang tiket sa pagpasok para masiguro ang panlipunang pagdistansya. Ang mga grupo ay limitado lang  sa mga miyembro ng sambahayan.
- ❑ Ang mga tour na pinagsasama ang mga indibidwal mula sa magkakaibang pamilya ay itinigil na at ang mga gabay ng tour ay nagpapanatili ng anim na talampakang distansya mula sa grupo ng tour.
- ❑ Ang panlipunang pagdistansya ay isinasagawa sa lahat ng mga espasyo ng eksibit na may mga pangmarka na nakapalibot sa mga display upang ipahiwatig kung saan dapat tumayo ang mga bisita para tanawin ang display. Kung posible, ang mga hiwalay na ruta para sa pagpasok at paglabas sa mga eksibit, mga galerya, mga lugar ng tanawan at mga espasyo sa trabaho ng empleyado ay nilikha upang tumulong panatilihin ang pisikal na pagdistansya at bawasan ang mga pangyayari ng mga taong dinadaanan ang isa't isa. Ang mga lakaran na may "isang daan" ("one-way") na direksyon, mga daanan, atbp. para sa paglalakad ay ginawa para bawasan ang pagkukrus ng landas ng mga tao sa establisyemento.
- ❑ Ang bilang ng mga bisita sa mas maliliit na espasyo ng eksibit sa loob ng Museo ay nililimitahan sa anumang takdang oras, para patuloy na makapagpanatili ng 6 na talampakang distansya sa

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

pagitan ng mga indibidwal o miyembro ng sambahayan. Ang lahat ng mga pasukan sa mga panloob na lugar na ito ay dapat na masubaybayan upang malaman ang bilang ng mga bisita na pumapasok sa espasyo.

- ❑ Ang mga empleyado at bisita ay hindi hinihikayat na magtipon-tipon sa mga lugar na maraming tao gaya ng mga banyo at pasilyo.
- ❑ Isaayos ang mga lugar na uupuan at/o tanggalin ang mga upuan para maging pinakamababa sa anim na talampakan ang pisikal na distansya sa pagitan ng mga kostumer/bisita. Magpaskil ng karatula sa mga pinagsasaluhan at hindi gumagalaw na upuan (mga bangko, atbp.) para paalalahanan ang mga kostumer/bisita na pisikal na dumistansya mula sa ibang tao na labas sa kanilang partido.
- ❑ Ang anumang (mga pagtatanghal, mga live na demonstrasyon, mga palabas ng hayop, atbp.) ay dapat na sumunod sa mga Protokol para sa mga Panlabas na Nakaupong Live na Kaganapan at Pagtatanghal o mga Panloob na Nakaupong Live na Kaganapan o Pagtatanghal batay sa lokasyon ng kaganapan o pagtatanghal.
- ❑ Ang mga establisyemento ay nililimitahan ang serbisyo ng shuttle kailanman maaari at alinsunod sa mga obligasyon sa mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga empleyado ay iniiwasan ang magsama-sama sa mga sasakyan kapag naglalakbay sa ari-arian. Kapag ang mga empleyado o mga kostumer/bisita ay dapat na maglakbay ng magkakasama, ang paggamit ng mga maskara sa mukha ay inaatas.
- ❑ Ang mga miyembro ng parehong sambahayan o tirahan ay hindi kailangang manatiling 6 na talampakan ang layo mula sa isa't isa.
- ❑ Ang mga upuang pampublikong lugar ay nirekumpigura para suportahan ang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga kostumer o bisita..

## C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Ang sistema ng HVAC ay maayos na gumagana; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Isiping magpakabit ng portable na napakahusay na mga air cleaner, mas pagandahin ang mga uri ng air filter ng gusali na pinakamahusay, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang [Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran] ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California para sa detalyadong impormasyon. Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha (maliban sa mga siguradong mapanganib na kapaligiran na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pagkukulong(quarantine). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong

pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](karatula) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.

- Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang nakasilamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
- Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
  - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang nakasalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagkulong sa sarili(quarantine), hindi sila maaaring pumasok at dapat na sila ay pauwiin agad para magkulong(quarantine) sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagkukulong(quarantine) na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
  - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat silang pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.

- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapag-alaga (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa dulong ilalim, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may isang daanan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng inyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na may magagamit para sa mga bisita na dumarating na wala nito.
- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at naka-maskara kung papayagan sa tama na ang edad.
- ❑ Kung magagawa, ang inorasan at/o paunang mga sistema sa reserbasyon ng tiket at paunang itinalagang upuan o mga lugar ng aktibidad ay naipatupad na para gawing halinhinan ang mga pagbisita ng kostumer, limitahan ang pag-okupa, at tumulong panatilihin ang pisikal na pagdistansya. Ang mga bisita ay hiniling na manatili sa kanilang sasakyan hanggang sa kanilang oras ng reserbasyon at dumating at umalis sa isahang grupo para mapababa ang pakikisalamuha/kontak sa iba pang mga bisita at kawani.
- ❑ Hangga't maaari, ang mga bisita sa Museo ay irerehistro sa isang talaan ng bisita (visitor log) na kinabibilangan ng pangalan ng bisita, numero ng telepono at email address na maaaring gawin din sabay sa oras ng pagbili o rehistrasyon ng tiket.
- ❑ Ang mga bisita sa establisyemento ay pinaaalalahanan na ang pagkain o pag-inom ay pinahihintulutan lamang sa mga itinalagang lugar ng kainan.
- ❑ Isaalang-alang na tanggalin, isara, paghiwalayin, o kung hindi man ay pangasiwaan ang mga interaktibong eksibit tulad ng mga may touchscreen, hawakan, butones, telepono at iba pang

Retirado - Wala ng Epekto

mga aparato sa pakikinig, nahahawakang props, mga flip door, atbp. Isaalang-alang ang pagkakaloob ng mga patapong stylus na panulat, mga patapong takip, ipuwesto ang isang miyembro ng kawani para subaybayan ang mga eksibit na ito at magdisimpekta ng mga ibabaw pagkatapos ng paggamit. Tiyakin na may hand sanitizer at/o mga pasilidad sa paghuhugas ng mga kamay sa mga istasyong ito at hilingin sa mga bisita na gamitin ito bago at pagkatapos na makihalubilo sa mga eksibit. Mariing isaalang-alang ang pagsasara sa mga eksibit na ito kailanman maaari, lalong–lalo na kapag malamang na makipag-ugnayan ang mga bata o makibahagi sa paggamit ng mga eksibit na ito nang walang wastong pagdidisimpekta at sanitasyon ng kamay.

- ❑ Ang kabuuang pasilidad ay dapat nililinisan kahit araw-araw man lamang, na ang mga banyo at madalas na mahawakang lugar/bagay ay nililinis nang mas madalas base sa itinukoy na kailangan batay sa mga lugar na maraming tao o para sa mga ibabaw na nalantad sa mga indibidwal na walang maskara. Ang mga panlabas na ibabaw na gawa sa plastik o metal ay nililinis rin. Huwag mag-isprey ng pandisimpekta sa mga kahoy na ibabaw, o sa mga bangketa.
- ❑ Ang mga pampublikong banyo ay regular na tinitingnan at nililinis at dinidisimpekta nang hindi bababa sa isang beses kada araw o higit pa kung natukoy na kailangan dahil sa madalas na paggamit gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod na mga tagubilin ng tagagawa para sa paggamit.

  ______________________________________________________________________________
- ❑ Ang mga sistema sa pagbabayad na walang kontak ay naisaayos na, kung hindi ito maaari, ang mga sistema sa pagbabayad ay lubos na sina-sanitize nang regular. Ilarawan:

  ______________________________________________________________________________
- ❑ Ang mga pangkaraniwang lugar at madadalas na mga nahahawakang bagay (halimbawa, mga mesa, hawakan ng pinto, credit card reader, suwits(switch) ng ilaw, grab bars, rehas, placard, interaktibong eksibit, atbp.) ay dinidisimpekta ng isang beses man lamang sa mga oras ng trabaho gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit. Ang mga operator ay tinutukoy at dinidisimpekta ang mga ibabaw na mas malamang na hawakan ng mga bata, tulad ng mga bahagi ng bintana, eksibit, o poste ng pader na mas malapit sa lupa.
- ❑ Ang naaangkop na paglilinis ng anumang panlabas at panloob na mga lugar ng trabaho na ginagamit o inookupahan ng mga empleyado o publiko para mapanatili ang operasyon ng lahat ng mga eksibit ay isinasagawa araw-araw. Dapat na kasama rito ang mga lugar na dinadaanan ng maraming tao at mga pinagsasaluhang espasyo ng trabaho (mga opisina, mga silid sa pagpupulong, mga silid sa panandaliang pamamahinga, atbp.), at mga lugar na pinapasukan at nilalabasan (hawakan, hagdanan, mga kontrol ng elebeytor, atbp.)
- ❑ Hangga't ito ay nakakasunod sa mga obligasyon ng pasilidad sa mga indibidwal na may mga kapansanan, ang paggamit ng mga audio headset at iba pang kagamitan na pinahihiram sa mga kostumer/bisita ay itinigil na maliban kung ang mga ito ay wastong madidisimpekta pagkatapos ng bawat paggamit. Komunsulta sa mga tagagawa ng kagamitan upang matukoy ang mga naaangkop na hakbang sa pagdidisimpekta, partikular para sa mga malalambot at may mga butas na ibabaw tulad ng earmuffs na foam.
- ❑ Ang sanitizer na pangkamay, mga tisyu at basurahan ay magagamit ng publiko sa pasukan o malapit sa pasukan ng pasilidad.
- ❑ Ang mga pasilidad na sanitasyon para sa mga empleyado at bisita ay mananatiling nasa

Retirado - Wala ng Epekto

operasyon at puno sa lahat ng panahon at karagdagang sabon, mga tuwalyang papel, at sanitizer na pangkamay ay ipagkakaloob kapag kailangan.

- ❑ Ang hands-on na interaktibong mga eksibit at mga lugar sa pag-aalaga ng hayop (petting areas) sa loob ng mga zoo at mga aquarium ay pinahihintulutan hangga't may magagamit na kawani para subaybayan ang mga atraksyong ito upang mapigilan ang pagtitipon-tipon at tiyakin na ang mga grupo ng sambahayan ay nagagawang magpanatili ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa iba pang mga grupo ng sambahayan.
- ❑ Ang lahat ng mga panloob na palaruan, mga istraktura sa pag-akyat, mga nakabakod na bahay sa larong pagtalbog, atbp. ay maaaring magbukas para sa paggamit. Ang mga kawani ng Museo ay dapat na malapitang subaybayan ang panloob na palaruan para mapigilan ang pagsisikip at tiyakin na ang mga grupo ng samabahayan ay nagpapanatili ng 6 na talampakang pagdistansya mula sa iba pang mga grupo ng sambahayan. Ang mga bisita ay dapat na hikayatin na gumamit ng sanitizer na pangkamay bago at pagkatapos na bisitahin ang lugar ng panloob na palaruan. Ang lahat ng mga bisita ay dapat na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras. Ang karatulang nakapaskil sa lugar ng panloob na palaruan ay nagpapaalala sa mga bisita ng limitasyon sa pag-okupa para sa lugar ng panloob na palaruan at ang pagkain at pag-inom sa lugar ng panloob na palaruan ay ipinagbabawal.
- ❑ Ang mga panlabas na palaruan ay maaaring bukas para sa paggamit na sumusunod sa Mga Protokol para sa mga Panlabas na Palaruan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, na nangangailangan ng pisikal na pagdistansya at paggamit ng mga maskara sa mukha.
- ❑ Para pababain ang panganib sa Legionnaire na karamdaman at iba pang mga sakit na nauugnay sa tubig, gumawa ng mga hakbang para masiguro na ang lahat ng mga sistema at tampok ng tubig ay ligtas gamitin pagkatapos ng pinahabang pagsasara ng pasilidad.

**Paggawa ng Pelikula**

- ❑ Ang paggawa ng pelikula ay maaaring payagan sa lugar (on-site) para sa mga layunin ng pagbabahagi ng nilalamang pangkultura kung hindi ito naaakses ng publiko.
- ❑ Ang mga paggawa ng pelikula ay dapat na limitahan sa 10 tao o mas kaunti pa, kabilang ang mga miyembro ng cast at tauhan. Ang anumang paggawa ng pelikula na nangangailangan ng paglalagay ng kawani na higit sa 10 tao o kinabibilangan ng higit sa isang tao na haharap sa kamera ng walang mga maskara sa mukha, o kumakanta, o tumutugtog ng hangin o hinihipang mga instrumento ay dapat na sumunod sa Protokol sa Muling Pagbubukas para sa Musika, Telebisyon at Paggawa ng Pelikula: Appendix J at maaari lamang ganapin sa labas.
- ❑ Ang mga miyembro ng cast at ng mga tauhan ay dapat na suriin bago sila maaaring makilahok sa paggawa ng pelikula. Ang pagsusuri ay dapat isama ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, paghihirap sa paghinga, lagnat o panggiginaw at isang biglaang pagkawala ng panlasa o pang-amoy, at kung ang empleyado ay sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pagkukulong(quarantine). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan o personal sa pagdating ng mga empleyado. Ang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung maaari.
- ❑ Ang lahat ng mga paggawa ng pelikula ay dapat na mangyari sa labas hangga't maaari; ang mga paggawa ng pelikula na kinabibilangan ng higit sa 10 tauhan at kawani ay dapat na ganapin sa labas.
- ❑ Ang lahat ng cast at mga tauhan ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha at

Retirado - Wala ng Epekto

magpanatili ng pisikal na pagdistansya ng hindi bababa sa 6 na talampakan hangga't maaari. Ang mga paglabas sa kamera ng walang mga maskara sa mukha ay dapat na limitado sa isang tao at ang paggawa ay hindi dapat kabilangan ng pagkanta o pagtutugtog ng hangin o hinihipang mga instrumento. Kung higit sa isang tao ang dapat na nasa harap ng kamera ng sabay-sabay, ang lahat ay dapat na may suot-suot na mga maskara sa mukha.

- ❑ Walang tagapanood (audience) ang pahihintulutan sa anumang oras.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang (halimbawa pagkakaloob ng mga oras na para sa mga matatanda lamang):

______________________________________________________________

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito o, kung natanggap, ang nailimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng Los Angeles County ng pasilidad ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa mas marami pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sariling sertipikasyon para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsusuri, sa oras na hilingin.
- ❑ Karatula sa pasukan ay nag-aabiso sa mga kostumer sa limitasyon ng pag-ookupa.
- ❑ Ang mga karatula ay naka-display sa mga pasukan, mga lugar ng hintayan, at sa kabuuan ng mga espasyo ng museo at para paalalahanan ang mga tao sa mga alituntunin na kondisyon para makapasok. Ang mga alituntunin ay maaaring kabilangan ng mga pagtuturo sa paggamit ng sanitizer na pangkamay pati na rin ang paggamit ng mga maskara sa mukha kapag bumibisita, pagpapanatili ng pisikal na distansya mula sa mga empleyado at sa iba pang bisita at/o grupo, para maiwasan ang hindi kinakailangan paghawak sa mga ibabaw, at ang pagkain at/o pag inom sa lugar ay ipinagbabawal. Hangga't maaari, ang mga alituntunin ay magagamit digitally at may kasamang pictograms. Tingnan ang webpage sa Patnubay sa COVID-19 ng Pampublikong Kalusugan ng County para sa mga karagdagang mapagkukunan at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- ❑ Ang mga karatula ay nakapaskil na nagtuturo sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- ❑ Ang mga bilihan sa online ng establisyemento (website, sosyal (social) media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga oras ng establisyemento, kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, limitadong pag-ookupa, mga patakaran tungkol sa pagtitiket, pagpasok, bago umorder, paunang bayad, pagkuha at/o pagdedeliber at iba pang may kaugnayang mga isyu.

Retirado - Wala ng Epekto

## E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer/kliyente ay binigyang prayoridad.
- ❑ Saanman maaari, ang mga tulong ay ginawa na para ang mga mahihinang populasyong ay magagawang iakses ang mga serbisyo (halimbawa, mga oras para sa mga matatanda lamang).
- ❑ Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok ng malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga kalakal at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat idikit ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** ____________________

**Numero ng telepono:** ____________________

**Petsa na Huling Nirebisa:** ____________________

Retirado - Wala ng Epekto